


Ang *Survey ng San Francisco Citywide sa mga Mapagkukunang Pangkultura* (ang SF Survey) ay programang isinasagawa ng maraming taon upang tukuyin at isadokumento ang mga lugar at mapagkukunan na may kahalagahang pangkultura, pangkasaysayan, at pang-arkitektura sa iba't ibang komunidad ng San Francisco.

### Ano ang SF Survey?

Pinagtitipun-tipon ng SF Survey ang mga magkakaugnay na pagsusumikap na nagpapaalam ng gawain ng Planning Department sa mga desisyon sa paggamit ng lupa, pagtatalaga ng landmark at inisyatiba sa pamana ng kultura. Ang mga pagsusumikap na ito ay ginagabayan ng mga pakikipagtulungan sa mga katuwang sa komunidad, mga kasamahan sa pagpapanatili ng kasaysayan, tagapagdala ng kultura, at miyembro ng komunidad, upang matiyak ang kaalaman na kung ano ang makabuluhan sa mga komunidad ay gumagabay sa gawain ng Planning Department.

Kasama sa SF Survey ang pagbuo ng Mga Pahayag sa Konteksto sa Kasaysayan; Fieldwork, Pananaliksik, at Pagsusuri sa mga ari-arian na nararapat sa edad; Pagpapatibay ng mga Natuklasan sa Historic Preservation Commission; at pagpapanatili ng digital site ng SF Cultural Heritage.

### Bakit kailangan ang SF Survey?

*Upang magplano para sa ating magkasamang kinabukasan.* Ang San Francisco ay isang may magkakapatung-patong ang kultura at masiglang lugar. Ang mga pagsusumikap sa pagpapanatili na tulad ng SF Survey ay makakatulong sa mga komunidad na magdaos ng mga talakayan sa kung paano galugarin ang pagbabago habang pinananatili ang kung ano ang makabuluhan para sa ikapakikinabang ng mga henerasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap.

*Upang kilalanin ang nakaraan.* Ang Planning Department at ang propesyon ng pagpapanatili ng kasaysayan ay naging responsable sa pagtatasa sa "kahalagahan" ng kultura at kasaysayan ng mga lugar. Sa nakaraan, ang mga pagsusuri at prosesong ito na hatid ng "eksperto" ay hindi isinama ang mga Amerikanong Indiano, Itim, at iba pang mga komunidad na hindi puti, na nagresulta sa makitid at hindi kumpletong pamamaraan sa interpretasyon at pagpapanatili ng kung ano ang sama-samang pinahahalagahan at pinoprotektahan. Ang SF Survey ay isang pagsusumikap upang palawakin ang ating sama-samang diwa ng pagiging kabilang at pang-unawa sa kasaysayan ng Lungsod sa pamamagitan ng mas mabuting pagsalamin sa iba-ibang kasaysayan at pagpapahalaga ng mga komunidad ng San Francisco.

### Ano ang mga mithiin ng SF Survey?

Ang mga pagsusumikap ng SF Survey *ay sinusuportahan ang mga inisyatibang pangkultura na pinangungunahan ng komunidad* sa pamamagitan ng mga samahan, programa, pananaliksik, at mga proteksyon at insentibo sa pagpapanatili ng kasaysayan.

Ang impormasyong nalikom sa pamamagitan ng SF Survey ay *pangangasiwaan ang proseso ng pagrerepaso ng kasaysayan* para sa California Environmental Quality Act (CEQA, Batas ng California sa Kalidad ng Kapaligiran), na magbubuo ng mga aplikasyon sa permit ng gusali, bagong proyekto sa pagpapaunlad at plano ng lugar.

### Ano ang kasama sa mga pagsusumikap ng SF Survey Fieldwork?

Ang Planning Department ay inaatasan sa pagsu-survey ng mga kongkretong aspeto ng ating kapaligiran tulad ng mga gusali, estruktura, mga bagay, mga distrito, at mga lugar na ipinatayo ng mahigit 45 taon ang nakakaraan (nararapat ang edad). Ang mga kalatagan ng ari-arian, mapagkukunang pang arkelogical, pampublikong likhang

sining, o flora tulad ng mga puno ay iba pang mga halimbawa ng kung ano ang maaaring isama sa mga survey. Ang mga kongkretong aspeto ay maaari ring isama. Ang mga pasalitang tradisyon, sining ng pagganap, gawaing panlipunan, kapistahan, at mga tradisyonal na gawain ay madalas na direktang iniuugnay sa mga gusali o lugar at may mahalagang papel na ginagampanan sa pagpapanatili at pagpapahatid ng kaalaman sa mga henerasyon.

**Ano ang mga inaasahang resulta para sa mga komunidad?**

Maaaring kasama sa mga resulta ang mga rekomendasyon sa patakaran, halimbawa, mga patakaran upang bigyan ng insentibo ang mga negosyo, protektahan ang mga espasyong pangkomunidad, at bigyan ng kahulugan ang mahahalagang lugar, ito man ay kung umiiral o nawala na ang pisikal na materyal ng gusali. Ang mga ari-arian na napagpasyahang karapat-dapat para mailista sa mga lokal, pang-estado, at pederal na rehistro ng kasaysayan ay maaaring maging kuwalipikado para mag-apply para sa mga insentibo ng pagpapanatili. Ang mga bagong pang-gagamitan na lalabas sa SF Survey ay susuportahan ang gawain ng mga tagapagtaguyod ng komunidad at mga tagaplano ng Lungsod, na nagbibigay-daan para matukoy, maidokumento, makilala, at maprotektahan ang mga mapagkukunan na pangkasaysayan na may dalang kabuluhan sa mga komunidad ng San Francisco. Ang "buhay" ng pang-gagamitan na ito ay maa-access ng publiko at ia-update habang umuunlad ang pananaliksik at may ibinabahaging bagong impormasyon. Halimbawa, pinananatili ng *SF Cultural Heritage* site ang impormasyon tungkol sa katayuan ng mapagkukunang pangkasaysayan para sa mga ari-arian na nararapat ang edad at mga kaugnayan sa nauukol na pananaliksik, Mga Pahayag sa Konteksto ng Kasaysayan, impormasyong natanggap sa pamamagitan ng *Community Stories (Mga Kuwento ng Komunidad)*, at iba pang mga inisyatibang pinangungunahan ng komunidad tulad ng mga ulat ng Cultural History, Housing, and Economic Sustainability Strategies (CHHESS, Mga Istratehiya sa Kasaysayang Pangkultura, Pabahay, at Pagpapanatili ng Ekonomiya).

**Sino ang magpapasya kung aling mga lugar at mapagkukunan ang makasaysayan at dapat mapanatili para sa mga henerasyon sa hinaharap?**

Inatasan ang Departamento sa pagsusuri ng kahalagahan ng kasaysayan ng mga gusali, estruktura, mga bagay, mga distrito at mga lugar. Ang mga ebalwasyong ito ay ginagabayan ng Pahayag sa Konteksto ng Kasaysayan sa Buong Lungsod (isang lumalaking katipunan ng mga gawain), at binibigyan ng kaalamang mga pamantayan para sa National Register of Historic Places, na pinangangasiwaan ng National Park Service, at ng California Register of Historical Resources. Ang mga borador na ebalwasyon ng mga nai-survey na ari-arian ay iminumungkahi ng mga kawani ng Planning at ibinabahagi sa mga komunidad at ng Historic Preservation Commission para sa pagrerepaso at saloobin. Ang mga miyembro ng komunidad, historyador ng komunidad at may hawak ng kaalaman ay may pangunahing papel sa pagtukoy at pagbibigay-kahulugan sa mga mapagkukunan na may kabuluhan sa kanilang mga komunidad. Upang makipag-ugnayan sa mga komunidad, maisulong ang mga layunin, at maihanay ang mga pattern ng pagbabahagi ng kaalaman, nakikipagtulungan ang mga kawani ng Departmento sa mga katuwang sa komunidad, kabilang ang mga lokal na sangay ng aklatan, Distritong Pangkultura, at mga organisasyong nagtataguyod sa kultura at kasaysayan na pinangungunahan ng komunidad.

**Ano ang proseso para magnomina ng lokal na landmark?**

Ang Planning Department ay nagsasagawa ng mga survey sa mapagkukunang pangkasaysayan at pangkultura upang tukuyin ang mahahalagang ari-arian, ngunit ang Planning Code ay hindi nagpapahintulot sa Planning Department na simulan ang opisyal na pagtatalaga ng mga mapagkukunan para mailista bilang lokal na landmark. Ang mga opisyal na pagtatalaga ay maaaring pangunahing masimulan ng Historic Preservation Commission o Lupon ng mga Superbisor. Ang mga may-ari ng ari-arian at miyembro ng komunidad ay inaanyayahang itaguyod ang opisyal na pagtatalaga sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa SF Survey team.

## Mga Kuwento ng Komunidad

**Ang bawat isa ay may papel sa pagbabahagi at pagpapanatili ng kultura.**

Iniimbitahan namin kayo na samahan kami sa pagsusumikap na ito sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga litrato, mga alaala, at/o kasaysayan na sa palagay mo ay mahalaga sa kuwento ng iyong komunidad, kapitbahayan, at/o ng San Francisco. Ang iyong mga kuwento ay magbibigay ng kaalaman sa mga Natuklasan sa SF Survey at pahuhusayin ang ating sama-samang diwa ng pagiging kabilang at pang-unawa sa kasaysayan ng Lungsod.

Maaari kang magbahagi sa pamamagitan ng paggamit ng Community Stories form (Form ng mga Kuwento ng Komunidad)
https://sfculturalheritage.org/plugins/community-stories-form

O makipag-ugnayan sa amin sa:
**CPC.Survey@sfgov.org o (628) 652-7573**

### Mga Nakakatulong na Mapagkukunan

Webpage ng SF Survey: https://sfplanning.org/sfsurvey

Site ng SF Cultural Heritage: https://sfculturalheritage.org

Para sa impormasyon tungkol sa mga Programa ng Pagpapanatili, insentibo, at ebalwasyon ng Planning Department, mangyaring bumisita sa: https://sfplanning.org/preservation

### Mga Podcast sa SF Survey

Alamin pa ang tungkol sa SF Survey at mga kaugnay na pagsusumikap sa pamamagitan ng pagsubaybay sa mga paborito mong podcast.

Western Neighborhood Project:
https://www.outsidelands.org/podcast/

### Mga Wika sa SF Survey

三藩市全市文化資源調查 (SF Survey)正在進行中! 中文詢問請電 (628)652-7550.

¡El estudio de los recursos culturales de la ciudad de San Francisco (SF Survey) ya comenzó! Para información en Español llamar al (628) 652-7550.

Ang Survey sa mga Mapagkukunang Pangkultura ng San Francisco (Ang SF Survey) ay parating na! Para sa impormasyon sa Filipino tumawag sa (628) 652-7550.